



# NANOS

## Patient Brochure

### Pituitary Tumor

*Copyright © 2015. North American Neuro-Ophthalmology Society. All rights reserved. These brochures are produced and made available "as is" without warranty and for informational and educational purposes only and do not constitute, and should not be used as a substitute for, medical advice, diagnosis, or treatment. Patients and other members of the general public should always seek the advice of a physician or other qualified healthcare professional regarding personal health or medical conditions.*


## Pituitary Tumor

Maaring iniisip ng inyong doktor na mayroon kang tumor sa pituitary.

Ang tumor sa pituitary ay dahil sa paglago ng mga cells na bumubuo sa pituitary gland (ito ang nagkokontrol ng iba pang glands sa katawan). Ito ay isang tumor na hindi nagiging kanser. Ang tumor na ito ay pangkaraniwan. Hanggang sa 25% ng populasyon ay maaring magkaroon ng maliit na tumor. Ang mga tumor na sapat ang laki upang magdulot ng sintomas ay hindi madalas mangyari ngunit isa pa rin ang mga ito sa mga pinaka-karaniwang tumor na nagaganap sa utak. Maaaring hindi makaranas ng sintomas ang isang taong may tumor sa pituitary.

Anatomiya :

Ang sella ay isang depresyon sa sphenoidal bone na bumubuo sa bahagi ng bungo na matatagpuan sa likod ng ng mata.



Ang pituitary gland ay namamalagi sa loob ng sella konektado sa utak sa itaas (ang hypothalamus) sa pamamagitan ng pituitary stalk o infundibulum. Ang pituitary gland ay nakapatong sa itaas ng sphenoid sinus at sa pagitan ng cavernous sinuses na naglalaman ng dalawang carotid arteries at ang mga ugat na responsable sa pandama sa mukha at paggalaw sa mga mata at talukap ng mga mata. Ang mga ugat ng mata ay nagtatagpo sa optic chiasm sa itaas ng sella.

Pisyolohiya:

Ang pituitary gland ang nagdadala ng senyales sa iba pang mga endocrine glands sa buong katawan kabilang ang thyroid gland, ang adrenal gland, at ang mga sekswal na bahagi ng katawan. Ang pituitary gland naman ay kontrolado ng mga senyales mula sa hypothalamus. Ang isang abnormal na paglago ng mga cells sa loob ng pituitary gland ay maaaring maglabas ng

labis na senyales patungo sa iba pang mga endocrine glands upang magdulot ng labis na produksyon ng thyroid, cortisone, o sex hormones.


Ang isang tumor sa pituitary ay maaring maging sanhi ng pinsala sa natitirang bahagi ng pituitary upang maapektuhan ang normal na pagtakbo nito. Kung ang tumor ay umabot sa labas ng sella, maaari itong magdulot ng mga sintomas dahil sa pag-ipit ng mga nakapaligid na istraktura kabilang ang ugat ng mata, chiasm, at mga ugat sa cavernous sinus.

#### Sintomas:

Madalas ay walang sintomas na nararanasan ang mga pasyente na may tumor sa pituitary. Maaari itong magdulot ng pananakit ng ulo. Ang sakit ng ulo ay maaaring biglaan at malala kapag nagkaroon ng pagdurugo sa loob ng tumor. Maaaring magkaroon ng iba pang sintomas dulot ng hindi tamang pagtakbo ng mga glands tulad ng pagbabago sa regla, paggagatas, o pagkawala ng ganang sekswal. Mga hindi karaniwang sintomas na sanhi ng mga tumor na naglalabas ng growth hormone ay ang pagkahigante sa batang pasyente o paglaki ng mga kamay, paa, at mukha sa mas matatandang mga pasyente. Madalang na may mga tumor na naglalabas ng labis na thyroid hormone upang magdulot ng tremors, pagbawas ng timbang, pagtatae at pagdama ng kainitan. Cushing's syndrome ay nangyayari kapag may labis na adrenal hormones upang maging sanhi ng pagipon ng taba sa gitnang parte ng katawan, pagnipis ng balat, pagbilog ng mukha, pagkapagod, at pagnipis ng buhok.

Kapag ang likod na bahagi ng pituitary gland ang apektado, maaaring magkaroon nang labis na pagkauhaw at pag-ihi. Ito ay tinatawag na diabetes insipidus. Ang ilang mga tumor sa pituitary ay nauugnay sa diabetes kaya dapat na palaging siguraduhin na hindi mataas ang asukal sa dugo.

Ang ikatlong hanay ng mga sintomas ay nauugnay sa pinsala sa mga nakapaligid na istraktura kung ang tumor ay lumaki ng sapat. Ang pinaka-karaniwang sintomas ay dahil sa pag-ipit ng mga ugat ng mata o chiasm. Ang mga pasyente na naapektuhan ang isa sa mga ugat ng mata ay maaaring makapansin ng pagdilim, madilim, o paglabo ng paningin. Maaaring bigla na lang itong mapansin o mapapansin na lamang ito kapag tinakpan ang isang mata. Kung ang chiasm ay apektado, mawawala ang labas na bahagi ng paningin sa parehong mga mata. Kung ang mga ugat na nakapalibot sa sella ay apektado, maaaring magkaroon ng pagdodoble ng paningin, pagbaba ng talukap ng mata, paglaki ng pupil, or pagramdam ng pananakit at pagmamanhid sa mukha.



**Pagkilala:**

Karaniwan na ang hinala na may tumor sa pituitary ang isang pasyente ay batay sa mga pagbabago dulot ng hindi tamang pagtakbo ng mga glands ng katawan ngunit maaari itong makumpirma sa pamamagitan ng CT scan o MRI. Ang isang CT scan ay maaaring magbunyag ng tumor sa pituitary at ito ay sensitibo sa pagtuklas ng pagdurugo sa pituitary. Ang MRI ay mas sensitibo at mas mahusay sa pagtukoy ng kaugnayan ng tumor sa mga ugat ng mata at kapaligirang istraktura.



Ang pagkuha ng dugo upang suriin ang tamang pagtakbo ng pituitary ay mahalaga. Iba pang problema sa paligid ng sella at pituitary ay maaaring magdulot ng parehong sintomas kaya maaari itong mapagkamalang dahil sa pituitary. Kabilang dito ang meningiomas, craniopharyngiomas, germ cell tumors, at aneurysms.

Paggamot:

Hindi lahat ng mga tumor ay kailangang gamutin. Ang mga tumor na maliit at hindi nagdudulot ng sintomas ay maaaring sundan lamang nang walang paggamot. Kapag ang pasyente ay may nararanasang sintomas, maaari na itong gamutin. Ang pinaka-karaniwang paraan ay operasyon na idinadaan sa ilong (o pataas galing sa ilalim ng labi) o sa pamamagitan ng paghiwa sa anit.

Ang ilang mga tumor ay maaaring tumugon sa mga medikal na gamutan. Ang mga gamot ay maaaring magdulot ng pagliit ng mga cells ngunit hindi tuluyang mawawala ang mga ito. Ang gamutan ay kailangan panghabangbuhay.

Sa malalaking tumor, may mga natitirang cells pagkatapos maoperahan. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay kailangang tanggaling ang mga ito dahil sa mabagal na paglaki nila. Ngunit kung madami ang natira at may sintomas na nararanasan ang pasyente, maaaring mangailangan ng pangalawang gamutan. Maaaring operahan ulit o sa pamamagitan ng radiation. Importante na masuri nang regular ang dami ng hormones pagkatapos maoperahan o pagkatapos ng radiation dahil maaaring maapektuhan ang pagtakbo ng pituitary gland. Kailangang masuri bawat taon o dalawang taon ang paningin at ang utak upang masigurado ang hindi paglaki ng tumor.

Mga madalas na itanong:

*Mayroon ba akong tumor sa utak?*

Ang mga tumor sa pituitary ay hindi itinuturing na tumor sa utak. Karaniwan na ang mga ito ay hindi nagdudulot ng kanser. Madalang ang pagkalat nito sa ibang parte ng katawan.

*Gaganda ba ang aking paningin?*

Ang paglinaw ng paningin ay depende sa tagal ng pagipit ng ugat ng mata o chiasm dulot ng tumor. Ang mga senyales ng pagbabago sa likod ng mata ay maaaring indikasyon ng matagal na pagkaipit nito.

*Ayokong magpaopera. Maari bang radiation na lang?*

Ang radiation ay maaaring maging epektibo lamang sa pagpigil ng paglaki ng tumor ngunit hindi nito mapapaliit ang tumor. Kadalasan ito ay ginagamit pandagdag sa operasyon o gamutang medikal. Ang Gamma knife ay hindi maaaring gamitin kapag iniipit ng tumor ang ugat ng mata. Maaari lamang itong gamitin kapag ang ugat ng mata ay maaaring mahiwalay sa tumor.

*Bakit doble ang aking paningin?*

Ang pagdoble ng paningin ay nangyayari kapag ang mga mata ay hindi nakatutok sa isang direksyon. Sa mga may tumor sa pituitary, ito ay dahil sa problema sa mga ugat na responsable sa paggalaw ng mata. Ang mga ugat na ito ay makikita sa tabi ng sella at maaaring maapektuhan ng tumor na galing dito. Maaaring bumalik sa normal ang mga ugat na naipit at bumalik sa normal ang paningin pagkatapos ng gamutan. Minsan, maaaring may matirang problema sa paggalaw ng mata ngunit ito ay maaaring malunasan sa pamamagitan ng salamin o operasyon. Ang pagdoble ng paningin ay maaaring mabigyan ng kaagarang lunas sa pamamagitan ng pagpikit o pagtakip sa isang mata.

*Bakit kailangan ng tuluy-tuloy na check-up?*

Kapag ang normal na pagkontrol sa glands ng katawan ay naapektuhan ng tumor sa pituitary, mahalaga na mabalik sa normal ang dami ng hormones sa katawan. Posibleng magkaroon ulit ng tumor makalipas ang ilang taon matapos ang operasyon. Importante na magkaroon ng regular na visual fields at MRI.